JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malinyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 6

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 2 - Modyul 5:
## Ideya Mo Igagalang Ko



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________



## Alamin

Naranasan mo na bang mapuri dahil sa maganda mong ginawa? Kung hindi ito napansin ninuman, ano kaya ang naramdaman mo?

Sa mga pagkakataon na gumagawa tayo ng pasiya, hinihingi natin ang suhestiyon ninuman sa ating paligid: magulang, kapatid, kamag-anak, kaibigan, kaklase o sinumang tao na sa palagay natin ay maaaring makatulong sa atin. Ang kanilang mga suhestiyon ay ginagawa nating gabay upang matimbang ang mga bagay-bagay at makapili ng pinakamainam sa lahat.

Ang pagbibigay ng opinion ng ating kapuwa ay maaaring makapagdulot ng iba't ibang damdamin. Maaari itong makapagbigay ng positibo o negatibong pakiramdam.

Anuman ang sabihin ng ating kapuwa sa ating ginawa, tumigil sandal, suriin at pagnilayan ang pagsisikap na inilaan sa isang Gawain upang maging makatotohanan ang ebalwasyon. Kung hindi man tayo sang-ayon sa kanilang sinasabi dapat pa rin natin itong igalang dahil mahalaga sa atin ang suhestiyon ng ating kapuwa.

**Kasanayang Pampagkatuto:**

Nakapagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestyon ng kapuwa.

(EsP6P-IId-i-31)

| Modyul 5 | Ideya Mo, Igagalang Ko |
|---|---|

Ating nalaman na magkakaiba man tayo ng mga perspektibo sa buhay, palaging piliin ang pagkakaroon ng pagtanggap, pagtanggap sa kagustuhan ng iba. Naipapakita ang paggalang sa pamamagitan ng pagbibigay ng halaga sa isang tao o bagay. Ang pagkilala sa halaga ng tao o bagay ang nakapagpapatibay sa kahalagahan ng paggalang.



# Balikan

Sa gawaing ito, ating balikan ang iyong natutunan ukol sa paggalang sa ideya o suhestiyon ng iyong kapuwa kalaro.

**Panuto:** Isulat sa iyong kuwaderno ang salitang **TAMA** kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng paggalang at **MALI** kung ito ay hindi nagpapakita ng paggalang.

1. Nakangiting pinakikinggan ni Arlyn ang mga ideya ng kaniyang kapangkat.
2. Tinangga nang maluwag ni Kasim na hindi maisasama ang kaniyang ideya sa plano ng kanilang klase.
3. Iniwasan ni Salma ang mga kaklaseng nagbigay ng puna sa kaniyang gawa.
4. Isinaalang-alang nina Raisa ang mga opinyon ng nakatatanda at nakababata ukol sa piging na magaganap sa kanilang lugar.
5. Sumama ang loob ni Jana nang hindi isinama ang kaniyang ideya sa pagbuo ng kanilang proyekto sa Edukasyon sa Pagpapakatao.




# Tuklasin

Sa bahaging ito, ating tuklasin ang mga nagpapakita ng paggalang sa pamamagitan ng pagbibigay ng halaga sa ideya o sushestiyon ng isang batang tulad mo.

***GAWIN: Ating Alamin!***

**Panuto:** Gamit ang Graphic organizer na Concept Mapping punan ang mga sangay nito na nagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestyon sa kapwa kalaro.






# Suriin

Sa bahaging ito, ating alamin ang kahalagahan ng paggalang sa idea o suhestiyon ng kapuwa. At pagkilala sa halaga ng tao o bagay na nakapagpapatibay sa kahalagahan ng paggalang.

**Tandaan**

**Paggalang sa Ideya o Suhestiyon ng Kapuwa**

- Ang pagbibigay ng opinyon sa ating kapwa ay maaaring makapagdulot ng iba't ibang damdamin. Maari itong makapagbigay ng psitibo o negatibong pakiramdam.
- Ang paghingi ng tulong o opinyon ukol sa isang gawaing sisimulan ay nakatutulong sa pagsasakatuparan nito. Mainam din na makinig sa suhestiyon ng ibang mga tao upang maging bukas ang isip sa mga ideya na ibibigay nila.
- Anuman ang sabihin n gating kapwa sa ating ginawa, tumigil sandali, suriin at pagnilayan ang pagsisikap na inilaan sa isang Gawain upang maging makatotohanan ang ebalwasyon. Kung hindi man tayo sang-ayon sa kanilang sinasabi dapat pa rin natin itong igalang dahil mahalaga sa atin ang suhestiyon n gating kapwa.

**Sagutin:**

1. Paano ka makapagpapahayag ng may paggalang at respeto sa ideya o suhestiyon ng ibang tao?
2. Ano ang maaaring maging epekto ng pagpapahayag mo na hindi isinasaalang-alang ang damdamin ng iyong kapuwa?
3. Paano maiiwasan ang madaliang paghuhusga at pagbibitiw ng masasakit na salita sa kapuwa habang nagbibigay ito ng kaniyang ideya o suhestiyon?

4. Ano ang kahalagahan ng pagbibigay galang sa ideya o suhestiyon ng kapuwa?

5. Bilang isang mag-aaral, paano mo ipapakita ang pagiging bukas sa opinion ng iba?



# Pagyamanin

Sukatin ang lalim ng iyong kaalaman ukol sa kahalagahan ng paggalang sa idea o suhestiyon ng kapuwa. At pagkilala sa halaga ng tao o bagay na nakapagpapatibay sa kahalagahan ng paggalang.

**Pagtatasa 1: Ekis Mo, Tsek ko**

**Panuto**: Basahin ang mga nakatala sa ibaba. Pagkatapos, lagyan ng tsek (√) ang kahon kung nagpapahaya ito ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kapuwa at ekis (X) kung hindi.

| | |
|---|---|
| | 1. Binuo nina Farra ang kanilang tula tungkol sa kanilang mga magulang sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng kanilang magagandang karanasan. |
| | 2. Lumapit sina Salman sa kanilang guro upang humingi ng ideya ukol sa gagawin nilang proyekto para sa kanilang termino bilang mga opisyal ng *Supreme Pupils Government.* |
| | 3. Bilang isang mabuting mag-aaral kailangan nating tanggapin ang ideya o suhestiyon ng iba lalo na kung ito ay mas makabubuti para sa lahat. |
| | 4. Nagtawanan ang mga kamag-aral ni Omar nang magkamali siya sa pagsagot. |
| | 5. Nakangiting tinanggap ni Marisa na hindi maisasama ang kaniyang ideya sa plano ng kanilang grupo. |

**Pagtatasa 2: Punan Mo Ako**

**Panuto**: Buuin ang pangungusap. Punan ng angkop na salita ang bawat patlang gamit ang mga salita na nasa kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| Kapuwa | Paggalang | Problema |
| Kalaro | Ideya o Suhestiyon | Mabuti |

1. Laging isaisip ang kahalagahan ng tunay na paglilingkod sa _____________ na may kalakip na pagmamahal at pagpapatawad.
2. Isaalang-alang ang pagiging bukod-tangi ng bawat tao sa pamamagitan ng pagpapakita ng angkop na paraan ng ________________.
3. Sikaping huwag makasakit sa damdamin ng ______________ habang nagbibigay ng ideya o suhestiyon.
4. Tanggapin ang ________________________ ng iba lalo na kung makakabuti ito.
5. Dahil sa ideya o suhestiyon ng iba, _______________ ay may solusyon.



# Isaisip

Sa bahaging ito, ikaw ay sasagot ng mga katanungan na layong matukoy ang lawak ng iyong natutunan sa paksang pinag-aralan.

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang kahalagahan ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kapuwa?

2. Paano mapahahalagahan ang paggalang sa ideya o suhestiyon ng kapuwa?

3. Ano ang makukuha mo sa pagiging bukas sa opinion ng iba?

4. Paano maiiwasan ang pagbigay ng ideya o suhestiyon na makasasakit ng damdamin ng ibang tao?

5. Paano maipagsasama-sama ang lahat ng ideya o suhestiyon ng bawat isa?



# Isagawa

**Panuto:** Sumulat ng isang talata na nagsasalaysay ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng kapuwa mo kalaro.

**Rubrics sa Pagmamarka ng Isinulat na Talata**

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | **5** | **3** | **2** |
| 1. Nilalaman | Naipahayag sa talata ang pagagalang sa ideya o suhestiyon ng kapuwa. | Hindi masyadong naipahayag ang paggalang sa ideya o suhestiyon ng kapuwa. | Malayo sa paksa ang naisulat na talata. |
| 2. Organisasyon | Mahusay ang pagkakasulat ng talata. Nagkakasunod-sunod ang mga ideya. May panimula, katawan at konklusyon. | Maayos ang pagkakasulat may panimula at konklusyon. | Hindi maayos ang pagkakasulat ng talata. Walang panimula, katawan at konklusyon. |



# Tayahin

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel .

1. Paano mo maipapakita ang paggalang sa ideya o suhestiyon ng kapuwa kalaro?
   A. Ang hindi pagtingin sa kausap habang naglalahad ng ideya o suhestiyon
   B. Pakinggan ang sinasabi at pag-aralan o timbangin kung makatutulong ang ideya.
   C. Sang-ayunan agad ang ibinigay na ideya o suhestiyon ng walang dahilan
   D. Pakinggan ang sinasabi at sabihan agad na mali ang kanyang ideya o suhestiyon

2. Ang mga sumusunod na pangungusap ay nagpapakita ng paggalang sa ideya o suhestiyon ng iyong kapwa kalaro maliban sa isa:

A. Maging bukas tayo sa mga ideya ng iba, ngunit kailangan muna nating suriin kung ito ba ay makabubuti o makasasama

B.Kung may pagkakataon na hindi nagustuhan ang naibigay na ideya sa iyo, maging mahinahon lamang sa pakikipag-usap

C. Iwasang magbigay ng mga ideya o suhestiyon na makakasakit sa damdamin ng iyong kalaro

D. Balewalain ang ideya o suhestiyon ng kalaro dahil hindi siya ang namumuno

3. Alin sa mga sumusunod na salita ang HINDI kasingkahulugan ng salitang “suhestiyon”.

A. Kaalaman

B. Ideya

C. Kaisipan

D. Pananaw

4. Ang pakikinig sa ideya o suhestiyon ng kapwa kalaro ay nagpapakita ng _____________.

A. Mapagmahal

B. Maunawain

C. Pagkamagalang

D. Pagiging mabait

5. Ito ang antas ng pakikilahok na kung saan kinakailangan mong making sa ideya o suhestiyon ng iba na maaaring makuha sa isang proyekto o gawain.

A. Konsultasyon

B. Sama-samang pagpapasya

C. Impormasyon

D. Sama-samang pagkilos

## Isaisip

**1. Posibleng Sagot:**
- Napakahalaga
- Nagkakaroon ng tiwala sa bawat isa.
- Nagdudulot ng positibong resulta.

**2. Posibleng Sagot:**
- Kailangang tanggapin ang ideya o suhestiyon ng iba.
- Bigyan ng karampatang pansin ang bawat ideyang ibinigay.

**3. Posibleng Sagot:**
- Kasagutan/Solusyon
- Napapadali ang pagresulba sa problema.

**4. Posibleng Sagot:**
- Pag-isipang mabuti ang ibibigay na ideya o suhestiyon.
- Maging mahinahon sa pakikipag-usap.
- Huwag agad magalit o magsalita ng hindi maganda kapag hindi nagustuhan ang iyon opinyon.
- Isaalang-alang ang damdamin ng iba.

**5. Posibleng Sagot:**
- Timbangin ang maaaring gawin at hindi maaaring gawin at saka magkaroon ng konklusyon.

## Suriin

**1.Posibleng Sagot:**
- Maging bukas sa tayo sa mga opinyon ng iba.
- Maging mahinahon kung hindi nagustuhan ang naibigay na ideya.
- Iwasang magbigay ng opinyon na makakasakit sa iba.

**2. Posibleng Sagot:**
- Hindi magkakaunawaan
- Magkakagulo
- Mas lalong hindi masusulosyunan ang problema

**3. Posibleng Sagot:**
- Patapusin muna ito magbigay ng ideya o suhestiyon.
- Hintaying matapos ito sa pagbibigay ng ideya pagkatapos timbangin ang mga maaaring gawin at hindi gawin at saka magkaroon ng konklusyon

**4. Posibleng Sagot:**
- Napakahalaga ng pagbibigay galang sa bawat ideya o suhestiyon ng iba
- Nakapagdudulot ito ng magandang samahan ng baawat isa.
- Nagkakaroon ng tiwala sa iyong ginagawa.

**5. Posibleng Sagot:**
- Kailangang tanggapin natin ang ideya o suhestiyon ng iba.
- Iwasang magbigay ng mga mungkai o ideya na nakakasakit sa damdamin ng iba.

## Pagyamanin

**Tayahin**

1. B
2. D
3. A
4. C
5. B

**Patnubayang Gawain 2**

1. Kapuwa
2. Paggalang
3. Kalaro
4. Ideya o Suhestiyon
5. Problema

**Patnubayang Gawain 1**

1. √
2. √
3. √
4. X
5. √

## Balikan

1. T
2. T
3. M
4. T
5. M



# Susi sa Pagwawasto

# *Sanggunian*


- Kagawaran ng Edukasyon, *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*, Batayang Aklat, 35-39

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rasheena A. Rasad
Teacher 3, Lukbuton Elementary School
Isabela Island District II, Isabela City Schools Division

**Editor:** Olympia I. Milgaril, School Head

**Tagasuri:** Naser P. Elang, Ed. D. (PSDS, Island District II)

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:** Julie Vi O. Mancenido, Teacher I

**Tagapamahala:** Julieto H. Fernandez, OIC- SDS
Maria Laarni T. Villanueva, OIC- ASDS
Eduardo G. Gulang, SGOD Chief
Henry R. Tura, CID Chief
Elsa A. Usman, EPS, LR Supervisor
Violeta M. Sta. Elena, EPS, ADM Module Coordinator

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.